

Guidebook ng Pamumuhay para sa mga Dayuhan

Gaikokujin no tameno
Seikatu Gaido Bukku





Guidebook ng Pamumuhay para sa mga Dayuhan Talaan ng Nilalaman

1 Pamumuhay

1. Resident Registration	3
2. Tirahan	4
3. Kuryente • Gas • Suplay ng tubig	4
4. Panuntunan sa pang-araw-araw na pamumuhay	5
5. Tungkol sa trabaho	5
6. Pagsali sa samahan ng mga residente	6
7. Contact	6

2 Paraan ng Pagtatapon ng Basura

1. Huwaran A	7
2. Huwaran B	9
3. Contact	10

3 Edukasyon • Childcare

1. Sistema ng Edukasyon • Childcare	11
2. Paraan ng Pag-aaplay	12
3. Bayad	13
4. Tungkol sa Entrance Exam sa Senior Highschool	13
5. Mga madalas na katanungan	14
6. Contact	14

4 Pensyon at Health Insurance

1. Ang mga nakatira sa Japan ay mayroong sistema sa pagkakaroon ng Pampublikong Pensyon at Health Insurance	15
2. Nakapasok sa pampublikong insurance • Ang malaking pagkakaiba ng buhay kapag hindi nakapasok.	15
3. Sistema ng Pam-publikong Health Insurance	16
4. Sistema ng Pam-publikong Pension	17
5. Q & A tungkol sa Pampublikong Health Insurance	18
6. Mga Q & A tungkol Pension	18
7. Contact	18

5 Welfare Service

1. Kalusugan ng ina at anak	• • • • •	19
2. Suporta sa panganganak	• • • • •	19
3. Supportang Allowance para sa Pag-aalaga ng bata	• • • • •	20
4. Sistema sa Medikal	• • • • •	21
5. Sistema sa Welfare ng may Kapansanan	• • • • •	21
6. Welfare sa Matatanda	• • • • •	22
7. Suporta kapag hirap sa pamumuhay	• • • • •	22
8. Mga iba pa	• • • • •	22

6 T a x

1. Sistema ng Tax sa Japan	• • • • •	23
2. Paano magbayad ng Tax	• • • • •	23
3. Pangunahing Sistema sa Tax	• • • • •	24
4. Kalendaryo ng Tax	• • • • •	25
5. Mga ilang puntos tungkol sa Tax	• • • • •	26
6. Contact	• • • • •	26

7 Pag-iwas sa Kalamidad

1. Countermeasure sa Lindol	• • • • •	27
2. Paghahanda sa Bagyo • Baha	• • • • •	28
3. Paghahanda sa Kalamidad	• • • • •	29
4. Ano ang dapat gawin kapag nagkasunog	• • • • •	30
5. Ano ang gagawin kung may nuclear accident	• • • • •	30
6. Contact	• • • • •	30

Pamumuhay

1. Resident Registration

(1) Pagpasok sa bansang Japan...

Magparehistro ang isang residente sa office of the municipal sa munisipalidad na tinitirhan (Juumin Toroku).

【Mga dadalhin】 1. Passport 2. Residence card (Zairyu kado)

※Sa ilang mga kaso, kapag ang irerehistro na tirahan ay kasama ng sa naunang pamilya o kaibigan, kailangan ng pahintulot ng taong iyon. Bilang karagdagan, may kaso na maaaring kailanganin ang mga dokumento kagaya ng kontrata sa apartment at katunayan ng relasyon sa kasama sa tirahan. Para sa mga detalye, magtanong sa tanggapan ng city municipal office.

(2) Kapag aalis ng Japan...

Mangyaring kusang ipaalam sa city office ng city hall na tinitirhan ang tungkol sa pag-alis.

【 Mga dadalhin】 1. Residence card (Zairyu kado)

※Ang tax sa panahon ng pagtira sa Japan. Maaaring may bayaran sa mga bayarin sa insurance. Para sa detalye, ipapaliwanang ng naaangkop na division.

(3) Kapag lumipat ng tirahan sa loob ng Japan...

① Paglipat ng tirahan sa loob ng City

Paki-ulat ang paglipat sa "Citizen Division" ng city hall.

【Mga dadalhin】 1. Residence card (Zairyu kado)

2. Notification card o personal card number (Kojin bangou

kado)



② Paglipat ng tirahan sa labas ng City

Mangyaring mag-ulat sa "Citizen Division" ng City Hall.

【Mga dadalhin】 1. Residence card (Zairyu kado)

2. Notification card o personal card number (Kojin bangou kado)

3. Moving out Certificate (Bago lumipat ng tirahan, ito ay ibinibigay galing sa tanggapan ng munisipalidad na tinirhan)

※Sa mga pamamaraan ng ① at ②, kung lumipat ka sa isang bahay na nakarehistro na ng address ng pamilya o kaibigan, dapat sumang-ayon ang householder nito. Bilang karagdagan, may kaso na maaaring kailanganin ang mga dokumento kagaya ng kontrata sa apartment at katunayan ng relasyon sa kasama sa tirahan. Para sa detalye, pumunta sa tanggapan ng munisipyo at kumonsulta ng maaga.

③ Paglipat mula sa lungsod patungo sa mga suburb

Mangyaring mag-ulat sa City Hall "Citizen Division".

【Mga dadalhin】 1. Residence card (Zairyu kado)

Bilang karagdagan sa mga ito, may kaso kung saan kailangan kumpirmahin kung ano ang iba pang kailangan. Kung may katanungan, maaaring kumonsulta sa Citizen Division ng city hallo.

2. Pabahay

Karaniwang makakahanap ng isang tirahan sa pamamagitan ng isang real estate agent sa isang distrito kung saan nais mong tumira. Sa pag-renta ng apartment o bahay, kailangan magbayad ng security deposit fee, key money at real estate agency brokerage fee bukod pa sa buwanang upa.

Ang halaga na naipon bilang security deposit ay dapat ibalik sa oras ng pagkansela, ngunit ang bayad sa pag-aayos ng apartment tulad ng pagpapa-restore ng reclining tatami mats ay maaaring ibawas. Ang renta ay binabayaran ng maaga at ito ay babayaran sa katapusan ng nakaraang buwan kada buwan.

Sa transaksyon ng kontrata ay may mga pamamaraan na kinakailangan, kaya iminumungkahi na magsama ng tao na nakakaintindi sa Nihongo. Sa pagkansela, mahalaga na ipagbigay alam ito sa landlord o sa real estate broker agency isang buwan bago ang kanselasyon.

※Tungkol sa municipal at prefectural na pabahay

Ang municipal at prefectural na pabahay ay itinatayo sa pangangasiwa ng lungsod o ng prefecture para sa mga may mababang kita na nangangailangan ng pabahay.

Bagaman periodically ang pagrerekrut ng pampublikong pabahay, ang panahon ng rekrutment at ang pamamaraan ng aplikasyon ay naiiba sa pagitan ng munisipal na pabahay at prefectural na pabahay, kaya makipag-ugnayan sa city hall ng Joso City - City Planning Division para sa mga detalye.

3. Kuryente • Gas • Suplay ng tubig

(1) Kuryente

May mga pamamaraan na kinakailangan sa paggamit ng kuryente.

Kapag nagsimulang gumamit ng kuryente, mangyaring punan ang pangalan at petsa ng simula ng paggamit sa postkard na ibibigay at ipadala sa koreo.



(2) Gas

May mga pamamaraan na kinakailangan sa paggamit ng gas.

Kapag naglipat, mangyaring makipag-ugnayan sa kumpanya ng gas sa iyong lugar na titirhan sa pamamagitan ng telepono. Ang staff mula sa kumpanya ng gas ay pupunta sa bahay at bubuksan ang main switch at susuriin ang kagamitan. Kapag lumipat ng tirahan, mangyaring tawagan ang kumpanya ng gas nang maaga, ipagbigay alam ang petsa at oras na maaaring pumunta para sa reading ng metro at invoice.



(3) Suplay ng tubig

May mga pamamaraan na kinakailangan sa paggamit ng tubig sa bahay.

【Sa procedure】 Sa kaso ng magsisimula gamitin ang serbisyo ng tubig, nagkansela o mawawala sa loob ng ilang buwan, mangyaring makipag-ugnayan sa City Hall Waterworks Division para sa mga gagawin.

【Sa pagbabayad】

Buwan-buwan ay magpapadala ng notice ng babayaran, magabayad sa pamamagitan ng banko o convenience store. Mas bintahe ang gumamit ng bank account transfer dahil magkakaroon ng discount.

Mangyaring mag-ingat maging delingkuwente sa pagbabayad.
dahil ihihinto ang pagagamit ng tubig.

4. Panuntunan sa pang-araw-araw na pamumuhay

1) Huwag maging sagabal sa mga residenteng kapitbahay.



2) Tandaan na huwag gumawa ng ingay, huwag mag-play ng malakas na tunog ng musika o magsalita ng malakas

2) Sa pagtatapon ng basura, maging tapat sa pagsunod ng araw at oras ng pagtatapon at ilagay sa itinalagang lugar.



3) Iparada ang mga bisikleta at sasakyan sa tamang lugar.

4) At para sa paglilinis at pag-aayos ng mga karaniwang lugar kagaya ng apartment, makipag-tulungan sa mga taong kalapit.

5. Tungkol sa trabaho

Kung gusto mag-trabaho, ang uri at kondisyon ng trabaho ay depende sa status of residency.

Kung naghahanap ng trabaho, maaaring kumonsulta sa “HELLO WORK”.



6. Pagsali sa samahan ng mga residente

Ang samahan ng mga residente ay ang boluntaryong organisasyon ng mga residente na nakatira sa lugar na nagsisikap na mapabuti ang pamumuhay sa kapaligiran, mapalalim ang pagsasamahan sa pamamagitan ng mga recreation kagaya ng mga festival, nakikipagtulungan sa paglutas sa local na isyu kagaya ng welfare at disaster prevention, pag-iwas sa krimen at paglilinis.

Ano ang mga aktibidades na ginagawa?

- * Pagsisikap na mapabuti ang pamumuhay
 - Paglilinis sa lugar, pagre-recycle
- * Pagsisikap na mapaunlad at maging ligtas ang lungsod
 - Mga aktibidades para sa crime prevention • disaster prevention • fire prevention • safety traffic.
- * Pagsisikap para magtaguyod ng matibay na samahan sa komunidad
 - Mag-organize event kagaya ng mga festival(Matsuri) at sportsfest(Undokai).
 - Intergenerational exchange.
 - Aktibidades kagaya ng child association at silver club

【Kapag sumali...】

- ◇Sa pamamagitan ng Samahan ng mga residente ang anunsyo ay ipagbibigay alam.
- ◇Maaari makipag-ugnayan sa mga tao sa komunidad at tumulong sa bawat isa“kung nangangailangan ng tulong”
- ◇Ang pagsali sa samahan ng mga residente ay mayroong binabayaran. Tingnan kung magkano ang gastos bago sumali.
- ◇Maaaring gamitin ang community center (Kou Min Kan)



【Kapag hindi sumali】

- ◇May mga distrito na kapag hindi sumali sa samahan ng mga residente ay hindi puwedeng makapagtapon ng basura.

7. Contact ※ kung tatawag sa telepono 、 unang sabihin ang nilalaman ng consultation.

Nilalaman ng Konsultasyon	Lugar ng Konsultasyon	Tel. no.
Resident Registration	City Hall – Citizen's Division (Shimin Ka)	
Tungkol sa Municipal Housing/Pabahay	City hall Planning Section (Toshi Keikaku Ka)	
Tungkol sa Kuryente	TEPCO Ibaraki Customer Center	0120-995-331
Tungkol sa Water Supply	City hall Water Section (Suido Ka)	
Tungkol sa Sewerage	City hall- Sewerage Section (Gesuido Ka)	
Konsultasyon tungkol sa Trabaho	HELLO WORK	
Tungkol sa Samahan ng mga Residente	City Hall- General Affairs Division (Somu Ka)	
Tungkol sa Basura	City hall Living Environment Section (Seikatsu Kankyo Ka)	

Paraan ng Pagtatapon ng Basura

Kung paano paghiwalayin ang basura ay naiiba depende sa munisipalidad.

※Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-refer sa homepage ng city hall.

1. Halimbawa A

(1) Mga Klase ng Basura

※Sa pagtatapon ng mga basag at matatalas na bagay, ibalot sa papel at sulatan ito ng “danger” at itapon.

- ① **Basurang Nasusunog**
: Mga food waste paper waste



- ② **Basurang Di-nasusunog**
: Mga nasirang bagay, leather at mga produktong rubber



③ **Recyclable materials**

○PET bottle

Ang PET bottle ay ang mga mayroong PET bottle mark na nakalakip. Kagaya ng mga, mga inumin, mirin, soy sauce seasoning at mga non-oil dressing.



PET bottle mark



※Mangyaring ang mga label at takip ay alisin, at ang mga ito ay isama sa plastic container sa pagtatapon.

○Mga lumang papel

newspaper、magazine、karton at paper pack

○Mga lumang damit

Mga produktong cotton tulad ng manipis na koton na kagaya ng damit na panloob.

○ Plastic Container Packaging (Plastic Container)

Ang mga plastic container at packaging ay ang mga plastic containers and wrappers na ginagamit sa mga food items.



○Empty can

Kagaya ng mga de-latang inumin (steel, aluminum)、canned goods, lata ng pang-spray、kaldero at kettle.



○Mga empty glass bottle

Ang mga bote ng mga pagkain at inumin ay recyclable.



(2) Paraan ng Pagtatapon

Maayos nating i-segregate at itapon ang

[Itinalagang bag ng basura] Mangyari na ilagay ang basur sa commercial bag ng basura at itapon.

- ① Basurang Nasusunog (pula) ② Basurang di-nasusunog (asul) ③ Recyclable (berde)

※Paalala

1 Ang mga empty glass bottle ay recyclable, ngunit huwag ilagay ito sa plastic bag ng recyclable (berde) para itapon. Mangyaring itapon ito sa itinalagang lugar sa container ayon sa kulay ng bote (transparent, brown at ibang kulay).

Transparent bottle



Brown bottle



Ibang kulay ng bottle



- Ang mga maaring itapon ay limitado para sa pagkain at inumin.
- May mga katulad na mga bagay na gawa sa bote, ang mga sumusunod ay kasama sa Di-nasusunog na basura. Mga Heat resistant glass, ceramics, cosmetic bottle, milky white bottle, fluorescent lamp, light bulb, dish ware and glass plate.

2 Mangyaring ang mga lumang papel ay itali ng string . At ang mga maruruming papel ay ilagay sa plastic bag ng nasusunog na basura at itapon.

- ① newspaper ② magazine ③ karton ④ paper packs



3 Mangyaring ang mga lumang damit ay itali ng string at itapon。 Kung sa araw na umulan, mangyaring ilagay ito sa susunod na araw ng tapunan o ilagay ito sa mga transparent na plastic bag at itapon.

(3) Suriin ang petsa araw ng pagkolekta ng basura !

- [Basurang Nasusunog] : Kana ___ araw sa 1 linggo
[Basurang Di-Nasusunog] : Kana ___ araw sa 1 linggo
[Recyclable Plastic Container] : Kana ___ araw sa 1 linggo
[Recyclable PET Bottle] : Pang ika ___ linggo ng buwan
[Recyclable Empty bottle, Empty can, Lumang papel・Limang damit] : Pang ika ___ linggo ng buwan



2. Distrito ng Ishige

Maayos nating i-segregate at itapon ang

(1) Klase ng Basura • Paraan ng Pagtatapon

① Basurang Nasusunog:

Mga food and paper waste, leather, rubber, plastic at iba pa.



【Paraan ng Pagtatapon】

Ilagay ang basura sa itinalagang bag ng basura at itapon sa lugar ng tapunan.

② Basurang Di-nasusunog:

Mga nasirang bagay, mga lata na bukod sa lata ng mga inumin, at mga spray can.



【Paraan ng Pagtatapon】

Ilagay ang basura sa itinalagang bag ng basura at itapon sa lugar ng tapunan.


③ Recyclable Materials

○ Mga empty can, empty bottle (mga bagay na inumin) at ang mga tinatawag na beverage items kagaya ng bote ng beer.

Mga de lata, lata ng kendi at lata ng gatas ay mga basurang di-nasusunog.

【Paraan ng Pagtatapon】

Mangyaring ilagay ang mga bagay na inumin sa itinalagang collection box.



○ PET Bottle

Ang PET bottle ay ang mga mayroong PET bottle mark na nakalakip.

Mangyaring itapon ang mga containers ng oil, sauce, detergent at shampoo sa nasusunog na basura.

【Paraan ng Pagtatapon】

Mangyaring ilagay ang mga plastic bottle sa itinalagang collection box.

Alisin ang mga label at takip at mangyaring ilagay sa nabubulok na plastic bag at itapon.

PET Bottle mark



○ Lumang papel • magazine • karton

【Paraan ng pagtatapon】 Mangyaring paghiwalayin sa bawat uri saka itali at itapon.



☆ **Ang wastong pagtatapon ng basura ay ang unang hakbang upang maging isang lokal na residente.**

Ang mga basurang trak sa city hall ay nagdadala ng basura ayon sa iskedyul. Ngunit minsan hindi nila ito natatanggap. Kung hindi madala ang basura, marumi ito at kamuhian ito ng mga tao sa lugar. Kung magpapatuloy iyon, lalala ang mga ugnayan sa kapitbahay. Itapon natin nang maayos ang basura upang hindi ito mangyari.



(1) Bakit naiwan ang basura

- Ang araw ng linggo upang itapon ang basura ay mali. Ang araw ng linggo upang magtapon ay napagpasyahan depende sa uri ng basura, kaya't suriin natin.
- Hindi mo ginagamit ang tinukoy na bag. Ilagay sa itinalagang bag ng basura. Bilang kahalili, itali ang basurahan ng isang string at itapon ito.
- Nagkamali ako sa pamamaraan ng paghihiwalay ng basura. Ang mga panuntunan sa pag-uuri ay magkakaiba depende sa munisipalidad. Mangyaring paghiwalayin nang tama.

(2) Bakit magkakaiba ang mga panuntunan sa paghihiwalay ng basura depende sa rehiyon?

- Ang pagkakaiba sa pagitan ng pattern A at pattern B ay kung maglalagay o hindi ng plastic o mga lata sa isang espesyal na bag. Ang pamamaraan ng pagsusunog at pag-recycle ng basura ay naiiba depende sa rehiyon. Sa pattern A, ang malinis na plastik (container ng packaging) ay na-recycle, kaya't pinagsunod-sunod ito bilang "plastic". Ang pattern B ay nasunog, kaya itapon ito bilang nasusunog na basura.
- ✂ Nakasalalay sa pamahalaang lokal, ang pamamaraan ng pagtatapon ay maaaring magkakaiba sa pattern A at pattern B. Mangyaring makakuha ng impormasyon sa pamamaraan ng pag-uuri mula sa city hall at suriin ito.
- Kung ang recycled bag ay halo-halong may maruming pakete, hindi ito makokolekta. Ang mga item na kailangang magamit muli (plastik, lata, bote) ay kailangang hugasan.
- Sa kahon ng koleksyon sa parke mangyaring maglagay ng mga bote, baterya, ilaw ng fluorescent, atbp.
- Nakasalalay sa munisipalidad kung ilalagay ang lata ng inumin sa isang bag at itapon o ilagay sa isang koleksyon na kahon.
- Walang laman ang magaan bago itapon. Kung ito ay isang spray can, gumawa ng isang butas upang palabasin ang gas at itapon ito.
- Ang mga bote ng PET ay maaaring mai-recycle sa pamamagitan ng pag-alis ng takip at tatak. Ang mga supermarket ay mayroon ding mga kahon sa pag-recycle. Ang mga lata, karton ng gatas at mga tray ng pagkain ay maaari ring hugasan at magamit muli.
- Kapag nagtatapon ng mga washing machine, TV, refrigerator, aircon, atbp. Hihilingin kang magbayad ng bayad sa pag-recycle. Mangyaring kumunsulta sa isang consumer electronics store, thrift shop, o city hall bago magbayad.
- Kung nais mong magtapon ng isang malaking basurahan tulad ng isang sofa, maglakip ng isang espesyal na sticker nang maaga at tawagan ang city hall upang kolektahin ito.




Kung hindi mo alam kung paano ito itapon, suriin sa city hall bago itapon.

3. For sa mga katanungan ✂ Sa pagtawag, sabihin ang nilalaman ng Consultation

Nilalaman ng Consultation	Lugar ng consultation	Telepono
Tungkol sa basura	City Hall– Living Environment Section (Seikatsu Kankyo ka)	

Edukasyon • Childcare

1. Sistema ng Edukasyon • Childcare



(1) Edukasyon at childcare bago pumasok sa elementarya

Pangalan ng Pasilidad	Nakapaloob	Edad ng bata na papasok	Lugar ng pag-aaplay
Kindergarten	Maaaring gamitin nang walang kinalaman ang trabaho ng magulang, pasilidad para sa edukasyon ng sanggol.	3~5 taun gulang (hanggang maging 6 na taun gulang)	Napiling kindergarten na papasukan
Nursery	Ang pasilidad ng pag-aalaga ng bata bilang kapalit para sa mga magulang kung ang pag-aalaga ng bata ay hindi maaaring gawin sa bahay.	0~5 taun gulang (hanggang maging 6 na taun gulang)	City Hall– Child Department (KODOMO KA)
Certified Childcare	Pasilidad na pinagsama ang edukasyon sa kindergarten at edukasyon sa nursey.	0~5 taun gulang (hanggang maging 6 na taun gulang)	Kapag kindergarten, mag-aplay sa napiling kindergarten Kapag Nursery, mag-aplay sa Child Department ng City Hall

※ Ang tanggapan ay depende sa edad ng bata, sa kindergarten, sa nursery o sa certified childcare.

※ Para sa mga nais pumasok sa nursery simula Abril, ang pag-aaplay ay simula katapusan ng Oktubre hanggang panimula ng Nobyembre ng nakaraang taon, mangyaring mag-aplay sa Child Department ng City Hall.

※ Para sa mga nais pumasok sa pam-publikong kindergarten simula Abril, mangyaring mag-aplay sa napiling kindergarten simula kalagitnaan ng Setyembre ng nakaraang taon.



(2) Edukasyon sa School

School	Edad sa pag-enroll	Lugar ng pag-aplay	Pagpili ng School (Pam-publiko)	Entrance Exam (Pam-publiko)
Elementary	6~12 taun gulang (magpi-pitong taun gulang~)	Board of Education ng lunsod	Ang lunsod ang nagtatalaga	Wala
Junior Highschool	12~15 taun gulang (maglalabin-tatlong taun gulang~)	Board of Education ng lunsod	Ang lunsod ang nagtatalaga (Mayroong sistema sa pagpili ng high school na papasukan)	Wala
Senior Highschool	15~18 taun gulang (magdidi-sais taun gulang~)	Prefecture Board of Education	Napiling school	Meron
Special Support School ※	Elementarya at Junior Highschool 6 ~ 15 taun gulang	Prefecture Board of Education	Kumonsulta sa lunsod	Wala
	Senior highschool 15~18 taun gulang	Prefecture Board of Education	Kumonsulta sa napiling school	Meron

※Ang Special Support School ay isang school na kung saan ang batang may kapansanan ay maaaring pumasok. Ito ay mayroong Primary Division (Elementary school level) , Middle Division (Junior High school level) at High Division (Senior High school level).

2. Paraan ng Pag-aaplay (Kung elementary school 1st grade)

① **Sa mga bagong papasok simula sa unang semestre (Abril)sa elementarya**, mag-aplay sa City Hall– Board of Education (School Education Division) at mula dito makakatanggap ng abiso.

Agosto Mayroong guide para sa “School Enrollment Application form” na matatanggap ng mga dayuhang magulang na may resident card sa City Hall.

Punan ang kinakailangang impormasyon at ipadala ito sa Board of Education. Isumite ang School Enrollment Application form sa Board of education sa itinakdang deadline. Kasabay nito ay makakatanggap ng abiso tungkol sa Medical Examination(postcard) sa oras ng pagpapatala at punan ang mga kinakailangang bagay.

※ Kailangan ang Residence card , Mother-child Handbook at stamp.

Oktubre Pagsasagawa ng health check-up. Pumunta sa paaralang elementarya ang magulang at anak sa itinalagang oras.

Pebrero Dadating ang school enrollment notice. Mayroong admission briefing session.

Abril Mayroong Entrance Ceremony

②Sa kaso ng paglipat ng school

Pumunta sa Board of Education ng City Hall

(School Education Section) .

○ Sabihin na gustong ipasok ang bata sa school.

○Punan ang enrollment application form.

【 Mga kinakailangan na dokumento sa enrollment】

Kagaya ng mga Residence card (magulang at batang ipapasok) , Attendance certificate at report book.



3. Bayad

	Elementary	Junior High school	Senior High school
Tuition fee	Libre		Hindi libre ※ Depende sa pinansiyal na suporta ng bansa sa kita ng sambahayan
Aklat-aralin	Libre		Hindi libre
Mga supplies sa school	Hindi libre ※ <u>Sariling bayad ang lunch sa school at field trip.</u>		

◎ Tulong Pinansyal at Scholarship System

① Ang Sistema ng “Tulong para sa pagpasok”: Pam-publikong Elementarya at Junior Highschool

Kapag napatunayan ng board of education na ang pag-aaral (pagpunta sa paaralan) ay mahirap dahil sa mga pang-ekonomiyang kadahilanan (tulad ng walang pera), maaari kang tumanggap ng mga kinakailangang tulong katulad ng bayad school sa school supplies, bayad sa tanghalian sa paaralan at iba pa. May mga income restrictions sa mga bagay tulad ng mga welfare protected household at semi-protected household. Ang application ay isu-sumite sa Board of education sa pamamagitan ng school.

② Ang Sistema ng “Scholarship”: Senior High school

Kahit pam-publiko o pam-pribado, maaring makatanggap ng scholarship grant para sa suporta sa tuition fee sa high school.

Sa bawat prefecture, ay may mga benepisyo sa scholarship sa mga high school na estudyante tulad suporta sa mga gastusin sa edukasyon (katulad ng mga aklat-aralin at mga school supplies) bukod pa sa mababang bayad sa tuition fee para sa mga low-income household.

4. Tungkol sa Entrance Exam sa Senior Highschool

Sa Japan, maaaring pumasok ang bata sa high school na nais pasukan. Gayunpaman, para makapasok sa Senior High school, mayroong entrance exam. Ang entrance exam ay ay mayroong "General Entrance Examination" (5 subjects: Pambansang Wika, Ingles, Matematika, Social Studies at Science), at "**Special Selection for Foreigners**".

Ano ang Special Selection for Foreigners (Gaikokoujin Tokurei senbatsu) ?

Sa Ibaraki prefecture ang lahat ng prefectural highschool ay may ginaganap na Special Selection for Foreign Students.

Ngunit, ito ay limitado sa mga dumating sa loob ng 3 taon lamang.

Bilang ng mga kandidato: 2 o higit sa bawat school

Nilalaman ng Exam: Pambansang Wika, Ingles, Matematika + Interview



Source: 《Guidebook ng Pagpasok sa School para sa magulang at anak》 (<https://www.commonsglobalcenter.org/> 翻訳資料等/教育関係/)

5. Mga madalasna katanungan

(1) Maaari pa bang pumasok sa isang grado na may ibang edad o kapag overage na?

Kapag below 15 taun gulang, as general rule, papasok sa grado na kaparehas ng edad, ngunit sa kaso ng mahigit sa 15 taun gulang, ang general rule ay ang mga sumusunod:

- ① Sa kaso kung nais pumasok sa Junior High school : As general rule, hindi maaaring makapasok sa pam-publikong Junior High school. Maaaring mag-aral sa school na tinatawag na "Panggabing Junior High school".
- ② Sa kaso kung nais pumasok sa Senior High school : Kung pumasa sa entrance exam, maaaring pumasok at walang kinalaman ang edad.

※ Importanteng puntos

- Ang mga student visa at working visa ay hindi maaaring makakuha ng exam.
- Kapag menor de edad, hindi maaaring makakuha ng exam kung hindi kasama sa tirahan ang magulang.
- Kinakailangan sa exam ang alinman sa Certificate ng Mandatory Education (9 taon), o kaya ang certified Certification ng Junior High school Graduation Degree Certification Exam.

(2) Ano ang ginagawa sa International class?

Kung hindi sapat ang kaalaman sa Nihongo o kung ang kaalaman sa Nihongo ay hindi katumbas ng grado na papasukan sa Japan, mayroong International class para sa suporta sa Nihongo. May school na mayroong International class at mayroon ding school na wala.

(3) Ano ang pinagka-iba ng Foreign school at pam-publikong school?

Bukod sa pagpasok sa pam- publikong school, maaari din piliin na pumasok sa Foreign school. Marami sa mga foreign school ay may set up ng kanilang curriculum at sariling wika sa bawat paaralan (kagaya ng mga Brazilian school, ang ginagamit nila ay Portuguese)
Sa ilang mga Foreign school ay maaaring pumasok mula sa kindergarten hanggang Senior High school Division.

(4) Mayroon bang iba pang mahahalagang bagay?

- ✓ Kung mahuhuli sa pagpasok, absent o uuwi ng maaga, siguraduhin na tumawag sa school.
- ✓ Makilahok sa PTA at class observation. Makilahok sa association ng mga bata sa komunidad.
- ✓ Mayroon school lunch sa mga school. Ginagawa rin ang araw-araw na paglilinis sa school bilang isang pagtuturo sa buhay.
- ✓ Huwag magsuot ng mga hikaw o mga accessories sa school para maiwasan ang aksidente.
- ✓ Gumagamit sa loob ng school ng panloob na sapatos.
- ✓ Kapag papasok sa elementary school, mayroong grupo na binubuo sa bawat area para sa grupo ng paglalakad papunta at pauwi mula school.



6. Contact ※ Sa pagtawag, sabihin sa simula ang nilalaman ng consultation.

Nilalaman ng Consultation	Lugar ng consultation	Numero ng Telepono
Mga bagay tungkol sa pam-publikong kindergarten, Elementary School at Junior Highschool	City Board of Education – School Division(Gakkou Kyoiku ka)	
Tungkol sa Nursery at mga certified childcare	City hall – Child Division (Kodomo ka)	
Tungkol sa mga certified na childcare		

Pensyon at Health Insurance

1. Ang mga nakatira sa Japan ay mayroong sistema sa pagkakaroon ng Pampublikong Pensyon at Health Insurance .



Sa Japan, kapag tumanda, kapag nagkaroon ng kapansanan at kapag namatay ay nakakatanggap ng pera mula sa Pensyon (National Pension · Welfare Pension), at sa kaso ng nagkaroon ng pinsala at sakit ay maliit lamang ang babayaran sa pamamagitan ng Health Insurance (National Health Insurance . Health Insurance).Ang mga makakatanggap lamang ng mga serbisyong ito ay ang mga nakapasok sa mga insurance na ito. Ang mga dayuhan rin ay obligado sumali sa pampublikong pensyon at health insurance. (Hindi kasama ang short-term stay na mas mababa sa isang taon)

Kahit na sa tingin mo na ikaw ay malusog, may posibilidad na maaksidente o magkasakit. Kung wala kang health insurance hindi ka makakatanggap ng sapat na paggamot o pangopera. Kung hindi ka naman nakapasok sa isang pensiyon at ikaw ay matanda na o nagkaroon ng kapansanan at hindi ka na maaring makapag-trabaho ay wala kang magiging income. Kaya ito ay isang mahalagang sistema, siguraduhin na sumali dito.

2. Nakapasok sa pampublikong insurance • Ang malaking pagkakaiba ng buhay kapag hindi nakapasok.

	Mga kaganapan sa buhay	Taong may insurance	Taong walang insurance
Health Insurance	Nagkasakit	sa 30% na self-paid ay makakatanggap ng paggamot	Sariling pasanin ang buong bayarin
	Na-operahan o Na-confine	At dahil fixed ang babayaran ang pasanin ay kaunti lamang	Sariling pasanin ang buong bayarin
	Hindi makapagtrabaho dahil sa pinsala	May Sickness Allowance na matatanggap (Health insurance ng mga nasa kumpanya lamang)	Hindi makakatanggap ng Sickness Allowance
	Panganganak	Makakatanggap ng Childbirth Allowance lump sum payment	Lahat ay self-paid
Pensyon Insurance	Naaksidente at naging disabled na tao	May mga kaso na maaaring makatanggap ng Disability Pension	Hindi makakatanggap ng Disability Pension
	Namatay	Ang pamilya ay makakatanggap ng Survivor Pension	Hindi makakatanggap ng Survivor Pension
	Mahigit 10 taon na nagbabayad at matanda na (65 taon gulang)	Makakatanggap na ng Old-age Pension	Hindi makakatanggap ng Old-age Pension

3. Sistema ng Pam-publikong Health Insurance

Ang Pam-publikong Health Insurance ay mahalagang insyurans na magkakargo sa ating mga gastusing medikal. Ito ay kinakatawan ng National Health Insurance at Health Insurance ng kumpanya.

Anuman ang insurance na pinasukan, maaari kang makatanggap ng pantay na pangangalagang medikal sa buong bansa.



(1) National Health Insurance

Bukod sa mga nakapasok sa insyurans ng kumpanya, at tumatanggap mula sa Welfare Protection, ay papasok sa National Health Insurance.

(2) Health Insurance ng mga kumpanya

Ang Health Insurance ng mga kumpanya ay ang insyurans na gumagarantiya sa

Gastusing medikal ng mga nakararaming empleyado. Ang sistema sa mga dependent na pasok dito ay ang miyembro ng pamilya na may annual income na bababa lamang sa 1.3 million yen.

(3) Ang pinagka-iba ng “National Health Insurance” at “Health Insurance ng Kumpanya”

	National Health Insurance	Health Insurance ng Kumpanya
Kondisyon sa pagpasok	Mga may-ari ng sariling kumpanya at mga hindi nagtra-trabaho	Mga regular na empleyado sa isang kumpanya at 3/4 ng mga regular na empleyado na nagtra-trabaho
Punong Tanggapan	Tanggapan ng Municipal National Health Insurance	Association Kenpo o ang bawat Social Insurance union
Pagbabayad ng Insurance	Kino-compute base sa household, ang bilang ng nakapasok dito, edad at income	Kino-compute base sa indibidwal na edad at kita
Dependent	Wala itong konsepto para sa dependents, ang pagtaas at pagbaba ng bayad sa insurance ay depende sa household na nakapasok dito	Maaari maipasok ang mga kamag-anak sa loob ng hanay ng accreditation
Pagbabayad ng insurance (tax)	Magbayad sa tanggapan ✕ Magbayad sa banko o convenience store	Ibinabawas sa suweldo

4. Sistema ng Pam-publikong Pension

Ang lahay ng tao na may tirahan sa loob ng Japan ay obligado na pumasok sa Pam-publikong Pensyon.


Sistema	Paglalarawan
National Pension	Lahat ng taong nakatira sa Japan na mahigit 20 taong gulang at hindi bababa sa 60 taong gulang
Welfare Pension	Lahat ng taong nagtatrabaho sa isang kumpanya na karapat-dapat para sa Welfare Pension Insurance ng mga empleyado

(1) National Pension

Sa National Pension, ang makakatanggap ng “Basic Pension” ay ang lahat ng taong nakatira sa Japan na mahigit 20 taong gulang na hindi bababa sa 60 taong gulang, ang mga ito ay ang matatanda, may kapansanan at mula sa namatay.


Sa National Pension ay mayroong 3 uri, insured “No. 1”, “No.2” at “No.3” at ang paraan ng pagbabayad ay depende kung aling sistema pasok.

- ① Insured No. 1 Mga taong self-employed, mga taong nasa agriculture, forestry and fishery, estudyante at walang trabaho
- ② Insured No. 2 Taong pasok sa Welfare Pension Insurance at kasali sa Mutual Aid Association
- ③ Insured No. 3 Asawa na family dependent ng taong pasok sa Welfare Pension Insurance na kasali sa Mutual Aid Association



(2) Welfare Pensyon

Ang taong naka-insured sa Welfare Pension Insurance, at pumasok sa National Pension sa pamamagitan ng sistema ng Welfare Pension Insurance, ay ibinibilang sa Insured No. 2, at makakatanggap ng “Welfare Pension” bilang karagdagan sa benepisyo mula National Pension “Basic Pension”.





5. Q & A tungkol sa Pamublikong Health Insurance

Q Ano ang mangyari kung nagkapinsala habang nagtatrabaho?

A Ang gastusin sa paggamot ng pinsala at sakit mula sa trabaho ay hindi magmumula sa Health Insurance sa halip ay magmumula sa Employees Compensation Insurance.

Q Ano ang dapat gawin kapag lumipat sa labas ng Joso City o umuwi sa sariling bansa?

A Kapag lumipat sa labas ng Joso City o bumalik sa sariling bansa, siguraduhin na ibalik ang Health Insurance card at i-settle ang insurance tax sa city hall.

Kung lumipat sa ibang lugar at bumalik sa sariling bansa at naiwan na hindi binayaran ang Resident tax at Insurance tax magkakaroon ng dagdag sa babayaran at maaari kang magkaroon ng problema sa pag-renew ng visa pagka bumalik.

6. Mga Q & A tungkol Pension

Q Hanggang kailan naka-pasok sa pension at mababayaran ba ang pension sa darating na panahon?

A Ang 65 taon gulang na matandang tatanggap ng old-age pension ay kinakailangang nakapasok ng hindi bababa sa 10 taon. Ang halaga na matatanggap ay depende sa period ng pagpasok. Ang Disability Pension at Survivor Pension ay kinakailangang may mahigit 1 taong naka-subscribe at maaaring hindi makatanggap ng bayad kung delinkuente sa pagbabayad ng insurance premium. Kagaya ng Brazil at Pilipinas na may Pension Agreement sa Japan, ang period na nagbayad sa pension insurance ay maaaring pagsamahin. ※ Kaya kung ikaw ay may nasyonalidad maliban sa Brazil o Pilipinas, tiyakin na ang iyong bansa ay may ganitong kasunduan.

Q Kadalasan nagtatrabaho nang higit sa 4 na araw sa isang linggo sa isang kumpanya, ngunit bakit hindi ibinabawas ang premium insurance mula sa suweldo?

A May posibilidad na hindi nakapasok sa pension insurance. I-check ang subscription status sa kumpanya.

Q Kapag umuwi sa sariling bansa ang taong naka-pasok sa Japan's pension insurance, maaari pa bang makatanggap ng pension?

A Ang mga pumasok sa Pension Insurance (Welfare Pensiyon o National Pension) sa Japan ay maaaring makatanggap ng lump-sum withdrawal mula sa pensiyon pag-umuwi. (Sa pag-claim ng lump-sum withdrawal payment, mangyaring i-aplay ito hanggang sa loob ng 2 taon. Ang halaga ay nakasalalay sa subscription period sa Pensiyon.)

Kapag tumaggap ng lump-sum withdrawal, ang subscription period ng pensiyon ay ire-reset, kaya pag-isipan mabuti.

Q Kailan kinakailangan magpalit ng sistema sa pension?

A Bilang halimbawa, ang pagpalit ng sistema ay kinakailangan sa mga sumusunod na kaso:

- ① Kung nag-resign sa kumpanya at naging self-employed . . . Pasok mula No.2 → papasok sa No.1 (papasok sa National Pension sa City Hall)
- ② Nag-asawa sa edad na 18 at naging dependent ng asawa, at naging 20 taong gulang . . . Pasok sa No. 3 (pasok sa Welfare Pensiyon ng kumpanya)
- ③ Isang dependent ng asawa na ang taunang kita ay lumampas sa 1.3 milyong yen . . . Pasok mula No. 3 → magiging No. 1 or No.2
- ④ Dependent at nakipag-diborsyo, at walang trabaho . . . Pasok mula No.3 → magiging No.1

7. Contact

Nilalaman ng Konsultasyon	Lugar ng Konsultasyon	Telepono
Usapin tungkol sa National Pension · National Health Insurance	City Hall - Seksyon ng Health Insurance(Kenko Hoken ka)	
Usapin tungkol sa SocialInsurance	Pension Office	

Welfare Service

1. Insyurans ng ina at anak

- ① **Notebook ng ina at anak (Boshi Techo)** : Ito ay ang record para sa Medikal check-up sa panahon ng pagbubuntis at pagsusuri sa kalusugan at pagbabakuna para sa sanggol. Mag-aplay sa city hall kapag ang pagbubuntis ay nakumpirma.
- ② **Health check-up (Kenko Shindan)** : Maaaring kumonsulta sa doctor tungkol sa kalusugan, physical measurement at sa pag-aalaga ng bata sa Health Center.

2. Tungkol sa suporta sa panganganak

① Regalo sa sanggol (Shussan Iwai Kin)

Ito ay para sa bagong panganak na sanggol at ibibigay sa taong nanganak o sa asawa nito.

Kasali	• Sa mga foreigne national, mga nakatira sa Joso city ng mahigit 6 na buwan at permanent resident o special permanent resident.
Halaga na matatanggap	Unang anak : 5,000yen Pangalawang anak : 10,000yen Pangatlong anak at higit pa : 20,000yen
Mga Kondisyon	• Mag-aplay sa loob ng 90 pagkatapos manganak • Ang taong nanganak o ang asawa nito ay walang delingkuwente sa pagbabayad ng tax.
Contact sa pag-aplay	City Hall - Child Division (Kodomo ka)

② Ang Lump-sum Payment ng Allowance sa panganganak (Shussan Ichiji Kin)

Ito ay isang sistema na nagbibigay ng bahagi ng mga gastos para sa panganganak.

Kasali	Taong pasok sa alinman sa Health o National Health insyurans
Halaga na matatanggap	420,000 yen o 404,000 yen (kung naganak sa ibang bansa)
Contact para sa pag-aplay	Sa ospital kung saan nanganak (Kapag ang ginamit ay direct payment system) City Hall - Municipal Health Insurance Section (kapag ang ginamit ay hindi direct payment system)

③ Allowance sa panganganak (Shussan Teate Kin)

Ito ay isang sistema na kung saan ay may matatanggap na suporta sa panahon ng leave sap ag-aalaga sa bata.

Kasali	Taong pasok sa Health insyurans (hindi kasama ang dependent)
Halaga na matatanggap	Dahil ang calculation ay base sa halaga ng sinusuweldo, hindi ito pare-parehas. At ang panahon sa pagtanggap ng allowance ay karaniwang 98 na araw.
Contact para sap ag-aplay	Pinag-tratrabahuan na kumpanya (Hindi kasama sa sistemang ito ang National Health Insurance member)

3. Allowance para sa suporta sa pag-aalaga ng bata

① Allowance para sa bata (Jido Teate)

Ito ay ibinibigay sa guardian ng bata hanggang bago matapos ang Junior Highschool.

Kasali	Batang kasama ang magulang na nakatira sa Japan na hanggang 15 taun gulang (ang pang ika-15 taun kapanakan ay hanggang Marso 31)
Halaga na matatanggap (Halaga kada buwan)	3 taun gulang pababa: 15,000 yen 3 taun gulang pataas ~ hanggang matapos ang elementarya : 10,000yen (ang pangatlo at mga susunod ay 15,000yen) simula Junior highschool, hanggang 15 taun gulang : 10,000yen ※ Kapag ang kita ng mga magulang ay lumagpas sa nakatalagang kita lamang, sila ay papasok sa restricted household, na bibigyan ng 5,000 yen bawat isa.
Time ng Bigayan	3 beses sa isang taon (Hunyo, Oktubre, Pebrero)
Mga kinakailangan na dokumento sa pag-aaplay	Passport, residence card at My Number ng lahat ng household Magsumite ng kasalukuyang estado kada taon tuwing Hunyo.
Contact ng pag-aaplay	City Hall - Child Division (Kodomo ka)

② Allowance para sa suporta sa bata (Jido Fuyo Teate)

Ibinibigay ito sa mga single parent.

Kasali	Ama, ina o guardian na may custody sa mga batang hanggang 18 taun gulang (hanggang 18 taun gulang at hanggang Marso 31) at kabilang sa single parent household. (Sa kaso ng batang may kapansanan ito ay hanggang below 20 taun gulang.)		
Halaga na matatanggap	Kapag 1 bata	Kapag 2 bata	3 o mahigit na bata
	LaLahat na matatanggap 42,500 yen Bahagyang matatanggap 42,490yen~10,030yen	10,040 yen o higit 10,030 ~ 5,020 yen	6,020 yen o higit 6,010 ~ 3,010 yen
	※Ang time ng bigayan ay Abril, Agosto at Disyembre, ngunit maaaring mabago sa hinaharap. Kung naging single parent pagkatapos ng isang diborsyo, kailangan ng certificate ng diborsyo o birth certificate mula sariling bansa kung saan ang kasaysayan ng diborsyo ay nakasaad at birth certificate ng bata. (Kinakailangan ng Japanese translation sa parehas na kaso.)		
Contact ng pag-aaplay	City Hall - Child Division (Kodomo ka)		

4. Sistema sa Medikal

① Medical Welfare Expenses Payment System (Marufuku)

Ang mga sumusunod na paksa ay ang sistema ng pagbibigay ng partial medical support.

Ang sakop lamang nito ay ang insyurans para sa medical treatment. Ngunit may pagkakataon na hindi ito magagamit dahil sa income restriction.



Para sa nagbubuntis	Magagamit sa medical expenses sa obstetrician o gynecologist hanggang isang buwan pagkatapos manganak, at kapag natanggap ang handbook ng ina at anak
Para sa Bata	Magagamit sa medical expenses mula ipinanganak hanggang maging senior high school student hanggang Marso 31 (Ito ay maaaring gamitin ng Junior High school student at Senior High school student para sa confinement sa ospital lamang)
Para sa Single Parent	Magagamit sa medical expenses ng single parent, guardian ng batang below 18 taun gulang at ng mga anak nito.
Para sa may kapansanan	Magagamit sa medical expenses ng taong may kapansanan na mayroong Physically Disabled Personal Handbook na nasa grado 1 or 2, at mga may IQ na bababa sa 35.
Contact sa pag-aplay	City Hall - Health Division (Kenko Hoken ka)

②Sistema sa Medicare expenditure (Sukusuku Iryohi Shikyu Seido)

Ito ay isang sistema ng suporta sa medical expenses ng mga student simula grade 1 ng Junior Highschool hanggang Senior Highschool (hanggang 18 taun gulang hanggang Marso 31), dahil hindi na sila sakop ng Medical Welfare Expense Payment System (Marufuku) na para sa mga 0 ~ 12 taun gulang na mga bata. (Ang sakop nito ay Insurance Medical Treatment lamang.)

5. Sistema sa Welfare ng may Kapansanan

①Special Child Support Allowance (Tokubetsu Jido Fuyo Teate)

Ito ay matatanggap ng guardian at nag-alaga sa mga batang may kapansanan sa isip o kapansanang pisikal na wala pang 20 taong gulang.



Kasali Halaga ng matatanggap (Halaga kada buwan)	Disability 1 st grade = kada isang tao 51,700yen
	Disability 2 nd grade = kada isang tao 31,340yen
Contact sa pag-aplay	City Hall - Social welfare Division (Shakai Fukusi ka)

② Sa mga gustong makatanggap ng serbisyo para sa mga bata at mga may sapat na edad na may pisikal, intelektual at mental na kapansanan

① Kumonsulta sa Joso City-Social Welfare Division (Shakai Fukusi ka)

② Pagkatapos na matanggap ang diagnose ng pagkakaroon ng disability mula sa mga ospital, maaaring makatanggap ng "Welfare Service Certificate" (Jukyusya sho) ng social welfare alinsunod sa antas ng kapansanan.

③ Sa pamamagitan ng "Welfare Service Certificate" na ito, ang bata ay maaaring makatanggap ng mga payo kagaya sa health care consultation at child care day service pagkatapos sa school, at sa mga may edad naman, maaaring makatanggap ng mga serbisyo kagaya ng employment support, living support, admission support and iba pa.

6. Welfare sa Matatanda

ONursing-care Insurance (Kaigo Hoken)

Ang Nursing-care insurance ay sistema na maaaring makatanggap ng nursing care services sa mas mababang pasanin kung kinakailangan ang pag-aalaga sa mga taong mahigit 65 taun gulang (depende sa karamdaman at simula 40 taun gulang o higit at kahit wala pang 65 taun gulang)



Ang mga 65 taun gulang ay kailangang magbayad ng Nursing-care insurance premium (kasama ang Health Insurance para sa mga 40 taun gulang at mga below 65 taun gulang)

Mayroong ginagawang care plan, na angkop sa bawat isa, at mga serbisyong pangangalaga kagaya ng day service, home help, bed lending, housing renovation, diaper allowance, paggamit ng mga pasilidad at iba pa, at ang self-pay sa paggamit nito ay simula 10% to 30%.

Ang maaaring gumamit ng serbisyo ng nursing-care insurance ay ang mga nagbayad ng nursing care insurance premiums (mga pasok sa Health Insurance simula edad na 40 hanggang 65 taung gulang) At para sa mga hindi nagbayad ng nursing-care insurance premium, at kung nais nilang gamitin ang serbisyo nito ang ang self-pay ay napaka-taas.

Ang tanggapan ay ang Elderly Welfare Division (Korei Fukushi ka)

7. Suporta kapag hirap sa pamumuhay

Ang mga gastusin na hindi nababayaran tulad ng mga medical expenses at renta, mga utang na hindi mabayaran, at kapag naging hirap sa pang araw-araw na buhay, maaaring makatugon sa mga ganitong konsultasyon.

Ang tanggapan ay ang Social Welfare Division (Syakai Fukushi ka).



8. Mga iba pa

① Kapag nagdurusa sa pinsala (DV: Domestic Violence)

Mahalaga na huwag magdusa mag-isa at kumonsulta. Maaaring kumonsulta sa City Hall – Citizen Cooperation Division (Shimin Kyodo ka) at sa pulisya.

Ang numero ng telepono ng DV specialist ay ☎ 0570-0-55210

② Kapag may napansin Child abuse

Kasama sa Child abuse ang physical abuse kagaya ng pamamalo, bullying, mental abuse kagaya ng pagpapahiya, hindi napapakain o hindi naaalagaan ng tama at sexual abuse.

Para maiwasan ang child abuse, kung may napansin sa paligid na mayroong taong naabuso ipagbigay alam ito sa city hall sa Child Guidance Center. Ang nationwide common report destination telephone number ay ☎ 189

**Kung hindi magbabayad ng mga city tax,
hindi maaaring makatanggap ng mga Welfare Service.**

Tax

1. Sistema ng Tax sa Japan

Ang sistema ng tax sa Japan ay nahahati una sa National tax na binabayaran sa bansa at Local Tax na binabayaran sa mga prefecture at municipality, ang pagbabayad ay depende sa bawat lugar. At mayroon ding taxpayer na direktang nagbabayad ng pera para sa tax, ito ay kasama sa presyo ng mga goods na binibili, at kumakatawan ito sa tinatawag na "Consumption Tax".

Ang summary sa table ay ang sumusunod:

		Mga personal tax na binabayaran (Direct Tax)	Tax na kasama sa goods (Indirect Tax)
B A Y A D	National Tax (Tax Office)	<ul style="list-style-type: none"> Income Tax (Kapag nakatanggap ng suweldo) Karaniwang binabawas mula sa suweldo Corporate tax (binabayaran ng tagapamahala ng kumpanya) Inheritance Tax (kapag nakatanggap ng mana) Gift Tax (Kapag may natanggap na pera) 	<ul style="list-style-type: none"> Consumption Tax (Kapag bumili ng goods) Tobacco Tax (Kapag bumili ng sigarilyo) Liquor Tax
	Local Tax (Prefectural Tax Office)	<ul style="list-style-type: none"> Automobile Tax (sasakyan na may 660 cc o higit) Real Estate Acquisition Tax (Kapag bumili ng bahay o lupa) Prefectural Tax (Inhabitant Tax) 	Local Consumption Tax Prefectural at City Tobacco Tax
	Local Tax (City Hall)	<ul style="list-style-type: none"> Municipal Tax (Inhabitant Tax) Binabawas ito sa suweldo, ang mga personal na binabayaran na mga tax ay katulad ng National Health Insurance Tax Light Motor Vehicle Tax (motorcycle, mini car) Property Tax (bahay at lupa) 	

2. Paano magbayad ng Tax

Maliban sa pagbabayad ng direkta sa tanggapan ng city hall o banking facilities gamit ang payment form na ipinadala sa iyo, ang pagbabayad ng city tax ay maaari din sa mga sumusunod na paraan:

(1) **Pagbabayad sa convenience store** : Dalhin ang papel na babayaran (payment form) para sa tax. Ang kasama sa mga tax na puwedeng bayaran ay National Health Insurance Tax, City at Prefectural Tax (ordinary collection), Light Motor Vehicle Tax, Property Tax at iba pa. At kung lumampas sa deadline ng bayaran o ang halaga ng babayaran ay mahigit sa 300,000 yen, hindi maaari ang pagbabayad sa mga convenience store.


(2) **Account Transfer** : Ibabawas ang bayad mula sa account sa post office o banko sa deadline ng pagbabayad. Pesonal na i-aplay ito ng mga may account sa post office o banko.

(3) **Pagbabayad sa pamamagitan ng credit card** : Maaaring magbayad ng tax sa pamamagitan ng credit card gamit ang "Yahoo! Public Payment".

3. Pangunahing Sistema sa Tax

(1) Income Tax

Buwis sa indibidwal na income tulad ng suweldo sa kumpanya.



Ang tinatawag na Year-end Adjustment (Nenmatsu Chosei)

Kapag tumanggap ng suweldo mula kumpanya, ibinabawas ang withholding tax sa sahod (income) at ang kumpanya ang nagbabayad ng income tax sa bansa. Gayunpaman, ang orihinal na calculation ng income tax ay income minus mga gastusin multiply by tax rate. Sa Japan, ang calculation ay ginagawa ng mga kumpanya para sa empleyado at tinatawag itong Year-end Adjustment. At para dito, kinukuha ng kumpanya ang mga impormasyon ng "Life Insurance Certificates" at "Family Dependents" ng empleyado kapag katapusan ng taon.

Sa pamamagitan ng Year-end Adjustment na inilarawan sa itaas, ang mga gastusin tulad ng mga iba't-ibang ibinabawas at "income tax na dapat bayaran" ay kina-calculate.

Kung ang "withholding tax na ibinawas mula sa suweldo" ay higit pa sa "income tax na dapat bayaran", sa alituntunin, ang halagang iyon ay ibabalik. At kung sa kaso na hindi naibawas ang withholding tax, babayaran ang income tax sa itinakdang oras.



Ang Tax Return (Kakutei Shinkoku)

Kung hindi ginagawa ang Year-end Adjustment sa kumpanya, sa kaso ng self-employed, sumusuweldo mula sa dalawa o higit pang kumpanya, bumili ng bahay at iba pa, kailangan mag-file ng sariling Tax Return. Kung hindi alam kung paano mag-deklara ng tax, kumonsulta sa Tax Office o sa Tax Department ng city. (Ang panahon ng filing ng Tax Return ay simula Pebrero 16 hanggang Marso 15)

(2) National Health Insurance Tax (Kokumin Kenkou Hoken Zei)

Ang taong mayroong resident card sa City ay pasok sa National Health Insurance (Ang taong pasok sa Health Insurance sa lugar ng trabaho katulad ng Social Insurance ay hindi kasama).

Ang National Health Insurance Tax ay ipinapataw na tax base sa bawat household at ayon sa income ng nakaraang taon.

Mga buwan ng pagbabayad: Hulyo • Agosto • Setyembre • Oktubre • Nobyembre • Disyembre • Enero • Pebrero • Marso



(3) City at Prefectural Tax (Residence Tax : Jumin ze)

Ito ay ang tax na binabayaran sa munisipalidad na mayroong resident registration hanggang Enero 1. Binabayaran ito ayon sa income ng nakaraang taon. Mayroon paraan na ibinabawas ito sa kumpanya mula sa suweldo (espesyal na koleksyon), ngunit kung hindi, magbayad sa post office, bangko, convenience store, credit card o sa city hall ayon sa sulat ng pagbabayad na dumating sa bahay.

Buwan ng Pagbabayad Hunyo • Agosto • Oktubre • Enero

(4) Light Motor Vehicle Tax (Kei Jidosha Zei)

Ito ay binabayaran tuwing Abril 1 kada taon ng taong nagmamay-ari ng mga motorcycle at mini vehicle. Ang mga nagmamay-ari ng mga sasakyan na higit sa 660 cc ay magbabayad ng tax ng sasakyan sa Prefectural Tax Office. Kung sa kaso ng nagbigay o nakatanggap ng sasakyan o motorsiklo, kung hindi gagawin ang pamamaraan para baguhin ang pangalan ng pagmamay-ari, ang tax ay ipapataw kung kanino nakapangalan. Ang pamamaraan ay kinakailangan din kapag nag-scrap ng sasakyan.

Buwan ng Pagbabayad: Mayo

(5) Property Tax (Kotei Shisan Zei)

Tuwing Enero 1 kada taon, ang mga namamay-ari ng sariling lupa, bahay at iba pa ay nagbabayad ng tax sa lungsod.

Buwan ng pagbabayad : Abril • Hulyo • Disyembre • Pebrero



4. Kalendaryo ng Tax

Buwan	Mga Uri ng Tax (Tax na binabayaran sa Lungsod)			
	City Prefectural Tax	Property Tax	Light Motor Vehicle Tax	National Health Insurance Tax
Abril		Pan-unang bayaran		
Mayo			Isang bayaran (Lahatan)	
Hunyo	Pan-unang bayaran			
Hulyo		Pangalawang bayaran		Pan-unang bayaran
Agosto	Pangalawang bayaran			Pangalawang Bayaran
Setyembre				Pan-tatlong bayaran
Oktubre	Pan-tatlong bayaran			Pan-apat na bayaran
Nobyembre				Pan-limang bayaran
Disyembre		Pan-tatlong bayaran		Pan-anim na bayaran
Enero	Pan-apat na bayaran			Pan-pitong bayaran
Pebrero		Pan-apat na bayaran		Pan-walong bayaran
Marso				Pan-siyam na bayaran

5. Mga ilang puntos tungkol sa Tax

(1) Kapag umalis sa kumpanya

Kung may natitirang bayarin ng Resident Tax mula sa nakaraang taon, maaaring ibawas sa huling suweldo sa kumpanya o magbayad sa city hall.

(2) Kapag uuwi sa sariling bansa

Mayroong mga kaso na ang mga City at Prefectural Tax (Residence Tax) at National Health Insurance Tax ay naiwan na hindi nababayaran, mangyaring bayaran ito lahat.

(3) Ano ang mangyari kung hindi nakabayad ng tax?

Kapag hindi nakabayad ng tax hanggang due date ay ang tinatawag na Payment Delinquency. At kapag mayroong payment delinquency ang dunning letter o demand for payment ay patuloy na ipapadala. Kung lumampas sa due date, ang penalty charge ay sisingilin ayon sa bilang ng mga araw. Kung patuloy na mayroong Payment Delinquency, maaaring ibawas ang bayad sa tax mula sa mga deposito o sweldo at ang mga ari-arian tulad ng sasakyan ay maaaring ilitin. Kaya bago mangyari ito, kumonsulta sa city hall.

(4) Kapag nais magpadala ng remittance sa kamag-anak sa ibang bansa at iba pa na dependent na subject sa deduction

Para mabawasan ang tax, mag-submit ng kamag-anak o iba pang dependent sa "Salary Income Dependent Deductions Declaration" na ipinamimigay ng kumpanya bawat taon. Ang mga kinakailangang requirements ng kamag-anak na dependent ay i-submit hanggang Disyembre 31 ng taon...

- 1) Mga kamag-anak ng taong tumatanggap ng suweldo (※1)
- 2) Nakatira sa taong tumatanggap ng suweldo (※2)
- 3) Ang isang taong income ng kamag-anak ay hindi tataas sa 380,000 yen (※3)
(Isang taong income 1,030,000 yen)

※1 Ang mga kamag-anak ay maaring asawa, anak, apo, magulang, lolo at lola, kapatid at mga magulang, lolo at lola at kapatid ng asawa. Ang dependent na kamag-anak na nasa below 16 na taong gulang ay hindi kasama sa deduction sa income tax, ngunit may kinalaman sa tax amount ng Municipal at Prefectural Tax.

※2 Kahit hindi kasamang nakatira ang mga kamag-anak na nakatira sa ibang bansa (kasama dito ang mga nag-aaral sa ibang bansa), kung mapapatunayan mo sa pamamagitan ng mga dokumento ang pag-remit para sa kanilang sustento, ay matutugunan mo ang requirements. Upang maipadala ang sustento at maging dependent para sa deduction ang mga kamag-anak sa ibang bansa, kinakailangang ihanda ang mga sumusunod na dokumento:

"Relationship Documents": Orihinal na dokumento na inisyu ng sariling bansa na nagpapatunay bilang kamag-anak o relasyon.

"Remittance-related Documents": Mga Foreign remittance statement na inisyu ng financial institutions. Kapag nagpapadala ng pera sa ibang mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa, kinakailangan na ipadala nang magkaka-hiwalay.

※3 Ang income ng mga kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa at iba pa sa labas ng Japan ay hindi kasama sa 380,000 yen

6. Contact sa Tax Inquiries

Nilalaman ng Consultation	Lugar ng Consultation	Numero ng Telepono
City Tax	City Hall - Tax Division(SYUZEI-ka)	
Tungkol sa Bayad sa City Tax	City Hall - Tax Division(ZEIMU-ka)	
Prefectural Tax	Prefectural Tax Office	
National Tax	National Tax Office	

Pag-iwas sa Kalamidad

Ang pag-iwas sa kalamidad ay paghahandapara sa kalamidad. Ang Japan, ay isang bansang maraming lindol. Sinasabi na may malaking lindol na magaganap sa palibot ng Tokyo sa malapit na hinaharap. Bukod dito, may bagyo na magdadala ng malakas na hangin at malakas na pag-ulan ay darating sa arkipelago ng Japan. Kung direktang tatama ang bagyo, ang malakas na pag-ulan ay maaaring maging sanhi ng pagbaha sa ilog. Ang dike ng Kinugawa River ay bumagsak noong 2015 at nagkaroon ng malaking kalamidad na baha. Bukod dito, maaaring magaganap ang sunog o nuclear disaster. Mahalagang magkaroon ng ideya kung ano ang gagawin sa ganung kaso.

1. Countermeasure sa Lindol

Ang malakas na pagyanig ng lupa ay tinatawag na Seismic Intensity.

Mahinang Intensity 5 ang mga pinggan at mga aklat ay nahuhulog mula sa istante

Malakas na Intensity 5 ang mga furniture at block fence ay babagsak

Mahinang Intensity 6 sa isang lindol ang light wooden na bahay ay maaring tumumba

Malakas na Intensity 6 sa isang lindol ang light wooden na bahay ay masisira

Sa Intensity 7 sa isang lindol ang isang lightly constructed building ay masisira

- Kung mangyaring ang isang lindol ay may intensity na higit sa 5, ang bahay ay maaaring masira o ang suplay ng kuryente at ng tubig ay maaaring mawala.
- Kapag ang lupa ay na "liquefied" ang mga bahay ay maaring tumumba.
- Kapag may kalamidad, hindi ka maaaring gumamit ng mga tren o hi-way at magkakaroon ng trapik.
- Ang karamihan sa mga tindahan ay sarado at magiging mahirap bumili ng gasolina at langis.
- Sa kaso ng isang malaking lindol, maraming aftershocks at sa ilang araw ay maaaring magkaroon pa ng malaking lindol.



(1) Ano ang dapat gawin kapag nangyari ang lindol

①Kung nasa bahay

- Kung pakiramdam mo ay yumayanig, magtago sa ilalim ng matibay na mesa at protektahan ang ulo.
- Buksan ang front door at maghanda sa paglabas.
- Mapanganib ang biglaang paglabas, kaya mag-ingat sa mga salamin ng bintana na maaaring mahulog.
- Sa loob ng bahay ay maaaring kumalat ang mga piraso ng salamin, kaya magsuot ng sapatos o tsinelas.
- Patayin agad ang apoy ng mga gas appliances at stove. At kung hindi ito maapula, tumawag agad sa 119.
- Sa paglikas, isara ang main gas valve at electrical breaker at lumikas pagkatapos..
- Sa paglikas, mag-paskel ng papel sa pinto, "Ang pamilya ay ligtas at lumikas sa _____".



② Kapag nasa labas ka

- Maaaring ang tiles ng bubong at salamin ng bahay ay malaglag kaya pag-ingatan ang ulo.
- Huwag lumapit sa mga blocks ng pader o vending machine dahil ito ay maaaring bumagsak.
- Pumunta sa mga malalawak na lugar kagaya ng mga park o school.

③ Kung nasa loob ng elevator

Para hindi makulong, pindutin ang lahat ng number ng palapag at magmadaling lumabas.

④ Mag-ingat sa Tsunami

Kapag lumindol malapit sa dagat o ilog, may posibilidad na magkaroon ng tsunami, magmadaling lumayo mula sa dagat o ilog at pumunta sa mataas na lugar.

⑤ Mag-ingat sa landslide

Ang malaking lindol sa bundok, ang slope ng bundok ay maaaring mag-collapse at dahil dito hindi maaring gamitin ang daan.

⑥ Kapag nagmamaneho ng sasakyan


Buksan ang hazard light at dahan-dahang huminto sa kaliwang bahagi ng daan.

Suriin ang kondisyon sa pamamagitan ng radio o cellphone. Kapag aalis sa sasakyan, iwanan ang susi ng sasakyan na naka-attach upang maaari itong ilipat kapag naging sagabal sa sasakyan ng emergency at dalhin ang rehistro ng sasakyan.

Maglagay ng memo para sa numero ng telepono at huwag i-susi.

(2) Paghahanda sa lindol

- Isa-ayos ang mga kasangkapan sa bahay.
- Ang pinaka-karaniwang dahilan ng kamatayan kapag may malaking lindol ay matabunan ng mga kasangkapan (hindi kasama ang tsunami) .
- Hangga't maaari ay huwag maglagay ng malaking kasangkapan sa kwarto.
- Maglagay ng fire detector (fire detector na mayroong sound alarm) sa kisame ng kwarto, ng hagdanan at ng kusina.



2. Paghahanda sa Bagyo ▪ Baha

Habang papalapit ang bagyo, ang hangin at ulan ay malakas. I-secure ng maaga ang mga bagay na nasa labas ng bahay para maiwasan itong liparin ng hangin at isara ang mga shutter. Maghanda para sa pagkawala ng suplay ng kuryente at tubig, mag-ipon ng tubig sa bathtub dahil maaari itong gamitin na pang-flush sa toilet.

Habang nagpapatuloy ang malakas na ulan, ang tubig sa ilog ay maaaring umapaw at may posibilidad na magkaroon ng baha. Sa pagahahanda sa bahay para sa baha, ilipat ang mga mahahalagang bagay tulad ng mga dokumento at mga computer mula unang palapag papunta sa pangalawang palapag ng bahay o sa isang mataas na parte o di kaya ay bitbitin ang mga ito. Gayundin kung maaari gawing ilipat ang sasakyan at motorsiklo sa mataas na lugar. Noong naganap ang kalamidad sa baha sa Joso City nuong 2015, maraming tao bago makapag-evacuate ay napalibutan ng tubig at ni-rescue sa pamamagitan ng mga helicopter at mga rubber boat.

Sa kalamidad sa baha, ang malalim na pagbaha ng tubig ay maaaring magresulta sa pagkalunod at pagkamatay. Upang maprotektahan ang buhay, napakahalaga na isipin kung kailan at kung saan dapat lumikas, maghanda ng mga bagay na dapat dalhin kung may evacuation, at umalis nang maaga.



3. Paghahanda sa Kalamidad

(1) Magkaroo ng impormasyon na magagamit sa oras ng kalamidad.

Kapag nag-install ng app ng Disaster Prevention Application ng City sa cellphone, sa oras ng kalamidad ay maaaring makinig sa impormasyon sa radyo sa maraming wika.

Ang information alarm ay may 3 level.

- o Paghahanda sa evacuation ▪ Simula ng evacuation ng mga matatanda ▪ ▪ ▪ Maghanda sa madaliang pag-evacuate.

Ang mga matatanda at ang mga taong hindi agad nakakakilo s ay m adaliang mag-evacuate.

- o Rekomendasyon para mag-evacuate ▪ ▪ ▪ Madaliang mag-evacuate.
- o Direksyon ng evacuation (emergency) ▪ ▪ ▪

Magsimulang mag-emergency evacuate.

Maaaring i-check sa flood hazard map ng lungsod ang iyong bahay para sa panganib ng pinsala ng baha. Sa SNS, maaaring luma at maling impormasyon ang nakalagay, kaya kumuha ng pinakabagong impormasyon mula sa city hall o embahada at kumilos.

(2) Ang paghahanda sa bahay

Maghanda sa bahay ng mga tubig at pagkain para sa tatlong araw at mga gamit pag-iwas sa kalamidad. (Flashlight, mobile charger, radio, cassette stove, can opener, lighter, rain gear, gloves, face mask, whistle, towel, pamalit na damit, plastic bag, mga gamot at iba pa) . Pag-usapan ng pamilya, na kapag nagkaroon ng kalamidad, ang tungkol sa paraan ng komunikasyon at lugar kung saan magkikita at iba pa.



(3) Magkaroon ng pakikisama at madalas na ugnayan sa mga kapitbahay para may tumulong sa panahon ng kalamidad.

Magtanong sa kapitbahay kung may bagay na hindi alam o kung mayroong alalahanin.

Makilahok sa mga pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna ng komunidad at "drill sa pagsundo" sa paaralan ng iyong anak.

(4) Kumpirmasyon ng mga evacuation center

Kung ang bahay ay nasira dahil sa isang malaking kalamidad tulad ng lindol o pinsala ng baha,walang kuryente at tubig at hindi na maaaring matirahan at mamalagi dito, may isang lugar na puwedeng paglikasan at ang tawag dito ay ang Evacuation Center. Maaaring pumunta dito ang kahit na sino na ang bahay ay hindi na puwedeng tirahan dahil sa kalamidad. Ang mga paaralan ay itinalaga bilang mga evacuation center kaya alamin ng maaga kung saan ang evacuation center sa lugar na tinitirhan.



(5) Pumasok sa Insyurans

Ang mga taong nagmamay-ari ng bahay at sasakyan ay dapat mag-siyasat ng damage insyurans kung saan sakop ang mga gastusin sa pinsala ng kalamidad tulad ng mga lindol, baha, sunog at iba pa, pumasok sa kinakailangang insyurans. (Nuong 2015 na baha maraming sasakyan ang lumubog at naitapon, ang mga nakapasok sa car insurance ay nakatanggap ng pera mula sa kumpanya ng insyurans.)

4. Ano ang dapat gawin kapag nagkasunog

“Sunog!”isigaw ng malakas, sabihin sa kapitbahay na ipagbigay alam sa bumbero (numero ng telepono : 119)

Mahalaga na mahanap kung saan nagmumula ang apoy, kung maliit ang apoy, apulahin ito sa pamamagitan ng fire extinguisher.

Kung mas malaki pa sa iyo ang apoy, itigil ang pag-apula dito at madaliang tumakas.

Para maiwasang malanghap ang usok, gumamit ng basing towel at itakip sa bibig at yumuko habang tumatakas.



Pakikipag-usap sa telepono sa Fire Department


[Bumbero]		[Ikaw]
“Fire Department. Sunog? Emergency?”	→	Sabihin“May sunog! Pakiusap na Puntahan nyo”
“Saan ang iyung tirahan?”	→	Sabihin ang tirahan at kalapit na building
“Ano ang nasusunog?”	→	Sabihin ang lugar at bagay na nasusunog
“May tao bang napinsala?”	→	Sabihin ang kondisyon kung may taong napinsala

5. Ano ang gagawin kung may nuclear accident

May mga nuclear power plants at mga kagayang pasilidad sa Ibaraki Prefecture. Kapag naganap ang kalamidad, mahalaga na maiwasan ma-expose sa mga radioactive materials. Kumpirmahin ang impormasyon tungkol sa kalamidad, kapag nagkaroon ng instruksyon na “indoor escape”, pumasok sa loob ng bahay, isara ang mga bintana, aircon, ventilator at iba pa. Ang mga taong nanggaling sa labas ay kailangan magpalit ng damit, maghugas ng mukha at kamay. (ang pinagpalitan na damit ay ilagay sa isang plastic bag.) Kapag ang“Evacuation Instruction”ay inilabas, I-check ang target na area, anong oras ng simula ng evacuation at kung saan ang lugar ng evacuation, at maging kalmado.

6. Para sa mga katanungan ✖ kung tatawag sa telepono , unang sabihin ang nilalaman ng consultation.

Nilalaman ng Consultation	Lugar ng Consultation	Numero ng Telepono
About disaster prevention	City Hall – Disaster Crisis Management Division (Bousai Kiki Kanri Ka)	



Dayuhan』
Gaikokujin no tameno Seikatu Gaido Bukku

Produced by: Certified NPO Ibaraki NPO Center

・COMMONS
Issue date: March 2021

制作 認定NPO法人 茨城NPOセンター・コモンズ
発行日 2021年3月

助成団体：三菱財団×中央共同募金会
～新型コロナウイルス感染下において困窮する人々を支援する～
外国にルーツがある人々への支援活動応援助成 により印刷しました。